# Masaykoloji
# August 2001

**Jose Bartolome***

Maraming tao – mga may kaya, mayaman – ang nahihirapang maintindihan ang pag-iisip, gawi at atityud ng mahihirap. Kasama na dito ang mga tao at grupong may sinserong hangad na makatulong sa kanila.

Ngunit kung tutuusin, hindi naman talagang mahirap unawain ang masang mahihirap. Kinakailangan lamang ay subukang mabuti na tingnan at pakiramdaman ang mundo mula sa kanilang kinalalagyan.

Iba ang dating o impact ng parehong mundo, ng parehong grupo ng mga tao at institusyon sa mga mahihirap, kung ikukumpara sa impact nito sa mga may kaya o kahit na sa tinatawag na middle class.

Bagamat sa kabuuan, sang-ayon din sa mga teorya ng agham panlipunan ang reaksyon ng masa sa mga bagay-bagay, ang kinahihinatnang kilos, gawi, pag-iisip, atityud ay naiiba. Dahil na nga sa iba naman ang karanasan nila kahit na nasa iisang lugar tayong lahat.

Kaya kung susuriing mabuti, walang kataka-taka sa pag-iisip at pagkilos ng masang Pilipino. Nagre-re-ak at nahuhubog lamang sila ng kanilang paligid. At dahil sa sila ay marginalized sa napakaraming aspeto ng buhay, mahirap asahan na may manggagaling na pagbabago o inisyatibo mula sa kanila bilang isang grupong organisado o may iisang tinig at direksyon. Ganumpaman, sa ngayon pa lang, dapat nang sabihin natin na hindi imposibleng mangyari na sila ay maorganisa at maging isang malakas na pwersa sa pagbabago.

Ngunit ang madalas na nangyayari ay nakikita ang mga kahinaan, kakulangan, pati na kabalintunaan ng marami sa kanila.

Nariyan ang madalas na paratang ng middle class at upper class sa kanila na sila raw ay tamad. Walang-wala na nga, ayaw pang magsumikap. Tingnan natin ang karanasan nila sa isyu ng kasipagan.

## SIPAG sa PANAHON ng KASTILA

Hindi maikakaila na may taong masipag at may taong tamad. Ngunit hindi rin natin maisasawalang bahala na kung minsan may mga dahilan sa pagiging masipag o tamad ng isang tao maliban sa dahilang ipinanganak na siyang ganito.

---

* Ang sumulat ay dating guro sa Pamantasan ng Pilipinas (Department of Psychology), manunulat sa telebisyon at pelikula at komentarista sa radyo. (AER Note)

Totoo rin naman na malamang na mas maganda ang kalagayan ng isang taong masipag. Ngunit nariyan na nga ang mga salik o factors.  Tingnan na lang natin sa kasaysayan. Nasakop ng mga Kastila ang ating bansa at tayo ang naging isang kolonya kung saan namayani ang kawalan ng katarungan.  Ano ang magiging reaksyon ng mga Pilipinong masipag – maraming pananim, mga alagang hayop – tapos darating ang Kastilang opisyal at sasamsamin ang kanyang mga pinagpaguran?  Magsisipag pa kaya siya?  Magsisipag din kaya ang mga kapitbahay niyang batid ang sinapit niya?  Sa ganitong sitwasyon, lumilitaw na mas mahusay na atityud at gawi ang maging "isang kahig, isang tuka" na lang.

Ang problema, ang "isang kahig, isang tuka" na pananaw sa buhay ay siya na ring mamanahin ng mga anak.  Kahit na nagbago na ang sitwasyon, ang mahihirap ay hirap makipagkumpetensya sa mga may kaya.

Pagkatapos ng panahon ng kolonyalismong Kastila at Amerikano, hanggang sa kasalukuyan, maraming pagbabagong naganap, pero maraming sitwasyon ang hindi nagbago para sa mga mahihirap.  Kulang na kulang siya sa mga sangkap na makakatulong sa kanyang pag-asenso.

Sa matagal na panahon, ang mga magsasaka sa kanayunan ay walang sariling lupa – mga kasama na nagsasaka ng lupa ng landlord.  Kailangan niyang ibigay ang malaking bahagi ng ani (bilang upa) sa landlord na wala namang ginawa.

Siyempre, sa pananaw ng landlord, makatarungan lamang ito dahil siya ang may-ari ng lupa.  Pero iba ang tumitingkad na bagay para sa magsasaka. Ano ang natututunan niya dito?  Natututunan ba niyang maging masipag?  Malamang na sinubukan na niya ito. Ibinuhos ang lahat, ngunit bakit sa paglipas na maraming anihan, mas lalo lamang lumalaki ang kanyang utang sa landlord?

Tingnan naman natin ang larangan ng edukasyong pampubliko sa panahon ng kolonyalismong Amerikano.

**EDUKASYONG PAMPUBLIKO sa PANAHONG AMERIKANO**

Sa kabila ng barbaridad na ipinamalas ng mga imperyalistang Amerikano sa giyerang kolonyal, may isang napakalaking pagbabagong inilunsad sila sa lipunang Pilipino– ang pagsulong ng edukasyon para sa lahat. Hanggang ngayon, paniwalang-paniwala ang marami na ang edukasyon ang siyang paraan upang ang isang tao ay makaahon mula sa kahirapan.  Totoo, marami tayong ebidensya ng mga mahihirap na umasenso nang husto matapos makapag-aral at makakuha ng magandang trabaho o magtagumpay sa negosyo o propesyon.

Ngunit ang mas matingkad na katotohanan ay, sa kabila ng probisyon sa Konstitusyon na ang bawat bata ay dapat na papasukin sa eskwela, nananatiling malawak, kundi man mas

lumalawak pa ang hanay ng mahihirap. Isang daang taon na ang edukasyong pampubliko, nasaan ang ipinangangalandakang mapagpalaya ang edukasyon?

Lumalaya at umaasenso ang ilang dating mahihirap na indibidwal pero ang masa ay nananatiling nakagapos sa kahirapan. May gana pang magmayabang ang iba riyan na English speaking daw ang mga Pilipino dahil lamang nakakapagsabi ito ng "tenkyu beri mats".

Hindi na nga sigurong kasing mangmang ng masang Pilipino sa ngayon ang masa noong panahon ng Kastila. Pero maitatanong natin: Sino kaya ang mas nasa mabuting kalagayan?

Napakalaking porsyento ng mga pumapasok sa grade 1 ang tumitigil at hindi na nakakatapos ng primarya o elementarya. (Mga 60% lamang ang nakakatapos ng elementarya). Sino itong mga bumibitiw, o nagda-drop out? Sino pa eh di ang mga pinakamahihirap.

Sasabihin siguro ng ilang may kaya: Bakit sila tumitigil? Sayang, pagkakataon na nilang maihango ang pamilya sa kahirapan. Ito talagang mahihirap, kaya naghihirap, walang tiyaga!

Ano nga ba ang dahilan kung bakit sila bumibitiw? Libre man ang matrikula sa elementarya at pati sa haiskul, papano ang baon? Ang pamasahe? Ang damit at mga gamit sa eskwela? May mga nasa liblib na lugar na nagtitiyagang maglakad dahil walang pamasahe o walang masakyan; may mga hindi nakakapag-almusal pero nagtitiyagang pumasok. Pero ano ang nangyayari?

Madalas mangyari na ang mga nasa bandang huling section ay wala nang textbook (kulang na kulang dahil kinurakot ang pondo). Sino ang mga nasa huling section kungdi ang mga mahihirap. Pagdating sa bahay, walang makatulong sa homework. Hindi alam ng magulang ang homework dahil hindi naman siya nakapag-aral. Walang mga reference books o dyaryo at magasin sa bahay. Huwag na nating banggitin ang computer. Kaya hindi magtatagal, magsisimula nang magpa-absent-absent dahil naiiwanan sa leksyon, napapahiya at sa maraming kaso ay kailangang tumulong maghanapbuhay. Kapag nasimulan ang paabsent-absent, nauuwi na sa pagbibitiw.

Doon naman sa mga nananatili, makikita pa rin natin na ibang-iba ang sitwasyon ng mga may kaya kung ikukumpara sa mahihirap. Sa mga eskwelahang pampubliko, ang mga magagaling ay karaniwang mga anak ng mga may kaya sa isang bayan. Ang mga pinakamahihina sa klase ay nasa mga dulong section. Sila rin ang pinakamahihirap sa bayan. Oo nga't hindi sarado ang sistema. Palaging may isa o dalawang anak ng mahirap na matalino talaga at tinatalo pa ang anak ng principal. Pero ito ay indibidwal na pag-igpaw sa kahirapan at nagagamit pang argumento upang ipalaganap ang alamat ng pag-unlad sa pamamagitan ng edukasyon.

Hindi makatotohanang libre ang edukasyon pang-elementarya sa Pilipinas. Malaki ang gastos dito at hirap na hirap tustusan ito ng karaniwang mahirap na pamilya. Totoo mang maraming indibidwal na mahirap ang umunlad dahil sa edukasyon, hindi totoong naihango ng edukasyon ang masa mula sa kahirapan.

Ano ang natutunang leksyon ng masa kaugnay ng edukasyon? Kinikilala ng masa, lalo na ng mga mas nakaka-angat ng kaunti, ang kahalagahan ng edukasyon. Sa katunayan, kumbinsido silang ito ang daan upang makaahon. Karaniwan na sa maraming pamilyang mahihirap na igapang ang pag-aaral ng kahit na isa sa mga anak. Ngunit hindi nila maunawaan nang husto ang mas malawak na larawan. Iniisip nila na ang kanilang anak ay hindi sinuwerte, na ang anak ay mahina ang ulo. Hindi nila makita na mula't sapul dehado na sa eskwela ang mahihirap.

Pagdating sa edukasyon ang masa ay parang tumataya sa lotto at hindi nananalo. Kanilang iniisip na malas lang sila pero hindi nila gaanong nakikita kung gaano kaliit ng kanilang tsansa. Napakahirap na sitwasyon dahil, kumbaga sa lotto, may nakita na silang nanalo. Iniisip nila na baka sila na ang susunod. Sa totoo lang, ang edukasyon ay isa sa mga daan upang umunlad kaya lang, sa kabuuan, napakaliit pa rin ng tsansa ng isang mahirap na maka-jackpot dito.

Natitiyak natin na ang sistema ng edukasyon sa ating bansa sa ngayon ay hindi tunay na makamasa. Kinakailangan ng maraming reporma upang matupad ang pangako nito na ito ang landas tungo sa pag-unlad ng masa.

Ngayon, tingnan naman natin ang pagtrato ng estado sa masa, lalo na sa pamamagitan ng burukrasya nito. Ito ang estadong nangangalandakan na ang bansang ito ay isang demokrasya at ang mga mamamayan ay may pantay-pantay na karapatan.

**BURUKRASYA at DEMOKRASYA sa REPUBLIKA**

Sa paglipas ng panahon hanggang maitatag ang republika pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, mabilis na lumaki ang populasyon. Mas marami ang nakapag-aral, mas mataas na antas ang nararating ng maraming Pilipino. Ngunit malinaw ang mga patterns: a) mas mataas na antas ang nararating ng mga may kaya, b) bagamat dumami ang nakakapag-aral, bumaba naman ang kalidad ng edukasyon sa pangkabuuan. Ito ang bunga ng paglikha ng alamat tungkol sa edukasyon bilang tagapagligtas. Kaya naman sinamantala ito ng mga negosyante at tuloy naging mas mahalaga ang diploma kaysa natututunan, mas matingkad ang porma kaysa nilalaman. Inilako sa maraming tao ang mga diploma kapalit ng pinag-ipunang pera, sa pag-aakala na ang diploma ay pasaporte tungo sa kaunlaran.

Sa madaling salita, nanatiling nasa baba ang masa. Ang trabahong naghihintay sa kanila (kung meron) ay yung mas mabigat, mas mahirap at mas mababang sweldo. Dahil na rin sa kanilang pinag-aralan. Pero madalas na pumapasok dito ang kultura ng burgis. Madalas, dahil lamang sa kahusayan sa pag-ingles o sa kakilala o kamag-anak, ang mga anak ng may kaya ang nabibigyan ng mas magandang pwesto, mas mataas ang sweldo.

Kaya hanggang sa ngayon, ang napakaraming mahihirap sa Pilipinas ay kapos sa pinag-aralan at salat sa magagandang oportunidad.  Ang ilan sa kanila na maabilidad ay nakakagawa ng mga paraan upang umasenso pa rin.  Katulad ng maraming nabibilang sa tinatawag na underground economy.  Mga negosyanteng nagsimula sa maliit na puhunan at napalago ang isang lugawang kariton hanggang sa makapagtayo ng isang karinderia.

Ngunit ang karamihan ay patuloy nanakikipagsapalaran.  Marami ang walang nakikitang pag-asa sa umiiral na sistema.  Napupunta sa iligal.  Nalululong sa bisyo. Nawawalan ng gana sa buhay. Ganumpaman, ang karamihan ay pwedeng mabubuhayan ng loob magbago lamang ang kanilang paligid.  Paano nga naman gaganahang magsikap ang isang karaniwang mahirap sa kanyang mga karanasan sa ating burukrasya?

Dahil lamang siya ay mahirap at kapos sa pinag-aralan, siya ay minamata at inaalipusta ng mga tauhan sa burukrasya at ng sistema ng burukrasya mismo. Kung pupuwede nga lang na huwag na siyang pumunta sa mga opisina ng gobyerno.  Ngunit  hindi maiwasan paminsan-minsan – katulad sa pagkuha ng birth certificate, NBI  o police clearance, driver’s license, atbp.

Sa halip na siya ay tulungan dahil sa kakulangan ng kaalaman sa mga pasikot-sikot sa pagkuha ng papeles, siya ay ipinapahiya, binubulyawan, ini-insulto, pinaghihintay ng matagal, hinihingan ng lagay,  pinagsasamantalahan ng fixer, pinapabalik-balik at iba pang anyo ng pag-aalipusta.  Unang-una, karamihan sa mga karatula at mga papeles na susulatan ay nasa Ingles.  Oo nga, mga karaniwang klerk at mababang opisyal din ang nambabastos sa masang nagta-transact ng business sa burukrasya – pero ito ang nagiging mukha ng estado sa karaniwang mahirap na Pilipino.

Ano ang mararamdaman ng masa kaugnay ng estado?  Mararamdaman ba niya ang retorika sa Konstitusyon at talumpati sa wikang Ingles pa man din (maliban kung panahon ng kampanya) ng mga opisyal na ang Pilipinas ay isang demokrasya at ang burukrasya ay naririyan upang pagsilbihan ang lahat ng mamamayan, mayaman man o mahirap.  Sabi nga sa kanto, Lokohin mo ang lelong mong panot!  O sa mas makabagong pananalita, Hello???!!!

Ang dinaranas ng isang mahirap sa harap ng burukrasya ay hindi nararanasan ng isang may kaya – middle class o upper class.  Ang mga personnel sa burukrasya ay magigiliw at magagalang sa mga mayayaman. Kung sakaling masungit o suplada ang personnel sa isang opisina ng gobyerno ito ay harapang inaaway o inirereklamo ng isang middle class o upper class na kliyente.  Kung nagmamadali naman ang kliyente at ayaw nang mapagod sa red tape, kayang-kaya nitong maglagay o maghanap ng padrino.

Ngunit mahirap para sa masa na awayin ang isang masungit o abusadong office personnel.  Wala rin naman siyang perang panglagay.  Kaya kung tutuusin, hindi mahirap maunawaan kung bakit allergic ang masa sa burukrasya at ganoon na rin sa estado o gobyerno.

Ang karanasan na ito sa burukrasya ay may kahawig na bersyon sa pakikitungo ng iba pang bahagi ng lipunan sa mga mahihirap.

Samantalang naipaglalaban ng isang propesyunal ang kanyang mga karapatan at benepisyo sa opisina katulad ng overtime pay, salary increase, kung anu-anong benefits, ang kanyang katulong sa bahay ay hindi halos nakakapag-day off, sobra-sobra sa walong oras ang trabaho, hindi natataasan ang mababang sahod, huli sa oras ng pagkain, pinagkakaitan ng ulam, palagi pang nasisisi kung may mga aberiya sa bahay at kung minsan ay pinagsususpetsahan pa nagnakaw ng kung ano. Siya ay inaasahang gumawa at makaintindi ng kung anu-anong bagay pero pagdating sa sweldo ay ayaw bigyan ng suweldong katumbas ng ipinapataw na responsibilidad. Nahuhuli pa ang bigay ng sweldo samantala kung sa amo mangyari ang atrasadong sweldo sa opisina ay gusto nang magwelga!

Sa karanasan ba ng isang katulong maiisip niyang pantay-pantay ang tao sa mundo? May saysay ba sa kanya ang tinatawag na demokrasya?

Kapag may programa ang isang mataas na opisyal para sa mahihirap, hahakutin nila ang mga mahihirap upang maging audience sa inagurasyon ng proyekto, pala sa isang rally, tagakaway sa pagsalubong sa airport. Magandang propaganda para sa madla, pero para doon sa mga hinakot, binigyan ng packed lunch at P300 – mararamdaman kaya nilang sinsero ang opisyal sa kanyang proyekto para sa kanila?

Hindi lang estado ang salaula sa pagtrato sa mahihirap. Ang pribadong sektor ay walang pinagkaiba. Halimbawa na lang ang ginagawa ng malalaking negosyante sa kanilang manggagawa. Ang mga salesgirl sa malalaking mall, tinatanggal pagkaraan ng 5 buwan upang malusutan ang batas na nagsasabing dapat gawing regular ang isang manggagagawang naka-anim na buwan na sa trabaho. Dagdag pa rin, upang makatiyak ang management na hindi magwewelga ang mga manggagawa, makikipagsabwatan pa ito sa pinuno ng isang malaking sektang Kristyano (daw) na ipapasok ang mga miyembro kapalit ng hindi pagwewelga. Kung ating ipagpapatuloy ang salaysay sa mga kawalanghiyaang ito – wala pang nakukulong sa mga mayayamang kriminal na ito samantalang ang bilis-bilis nilang magpakulong sa isang mahirap na nahuling nangungupit ng paninda!

Ano naman ang matututunan ng masa sa mga karanasang ito? Na pantay-pantay sila ng mayayaman sa harap ng batas? Na ang estado ay kakampi nila?

Kahit sa pagpapatupad ng hustisya kitang-kita ang ebidensya. Naikukulong nga ang mga katulad ni Jalosjos, Sanchez, Webb, Teehankee at Erap pero iba ang kulungan nila. Bukod dito, at mas mahalaga, ang karamihan sa mga mayaman at maimpluwensya ay nakakalusot na bago pa man magsimula ang bista. Malas lang kung ang nasasangkot ay kilalang tao at napagdiskitahan ng media katulad ng mga pangalang nabanggit. Sa kabila nito, maraming mahihirap ang ginagawang fall guy, nakukulong para sa kasalanan ng kanilang amo kapalit ng suhol sa pamilya.

Tunghayan natin ang eleksyon.  Katulad ng edukasyon, ang eleksyon ay isa sa mga ipinangangalandakang institusyon nagbibigay buhay sa demokrasya.  Kaya nagagalit ang mga miyembro ng middle class at upper class sa mga mahihirap na nagbebenta ng kanilang boto tuwing eleksyon.  Wala raw prinsipyo, imoral!  Para bang hindi galing sa hanay nila ang namimili ng boto!

Maganda nga siguro kung maninindigan itong mga hampaslupang, walang pinag-aralang masa.  Ang galing nga siguro kung may prinsipyo itong mga oportunistang patay-gutom na masa.  Pero sino naman ang iboboto nila sa eleksyon?  May kandidato bang tunay na magsisilbi sa kanila? May kandidato bang tunay na ipaglalaban ang kanilang kapakanan? Kung meron man, makakalusot kaya ang mga kandidatong ito?  Kung talagang susupotahan daw ng masa! Baka nga.  Kaya lang hindi ganito ang karanasan ng masa at masyado na silang maraming ilusyon sa buhay.

Aasahan ba natin na ang masang mahihirap – matapos ang mahabang karanasan ng pag-aalipusta ng burukrasya at estado, ng elite – aasahan ba natin na sa kanila manggagaling ang ideyalismo? Aasahan ba natin na magtitiwala sila sa eleksyon upang mapaganda ang kanilang estado sa buhay?  Matapos mamili ng boto ng kandidatong nanalo?  O susunggaban na lang nila ang P200 o P300 na ibibigay ng kandidato kapalit ng kanilang boto sa isang eleksyon na ang bawat kandidato ay hindi naman talagang nanggaling sa kanilang hanay.

Iniisip ba natin na sa pagpapatayo ng basketball court o isang siraing poso, bibilib na ang masa sa mga politiko?  Nakikita ba ng masa ang eleksyon bilang pagkakataon upang makapaghalal ng mga pinakamahusay na pinunong magpapaunlad sa bayan at sa kalagayan ng masa? Kahit mahirap siya at walang mataas na pinag-aralan, hindi siya tanga.  Sa katunayan, streetsmart ang masa sa dami ng karanasan niya sa pakikipagsapalaran sa isang lipunang mapang-api lalo na sa kanya.

Hindi isyu sa kanila ang pagtanggap ng pera mula sa mga kandidato.  Madalas maririnig natin na nabibigyan nila ng paliwanag ito – galing din naman daw ito kanila, ninakaw lang daw itong perang ito.  At sa hirap ng buhay, ito ay natatanging pagkakataong kumita.  Kahit minsan ay matulungan sila ng kandidato dahil mas malamang na hindi na sila gaanong mapansin nito kapag nanalo na.  Sinong opisyal ba ang talagang nagpa-angat ng kabuhayan nila maliban sa ilang bataan mismo ng politiko? Samantala kitang-kita ng masa kung gaano kalaki ang iniuunlad ng kabuhayan ng mga opisyal na ang liit naman ng sweldo idino-donate pa sa charity!

Kahit na ang simbahan.  Damang-dama ng mahihirap ang kakaibang pagtrato ng mga pari sa mga mayayaman.  Kung may pera ka, mas magarbo ang iyong kasal o binyag. Dapat ba niyang paniwalaan ang sinasabing pinagpala ng Panginoon ang mahihirap?

**UBOS-UBOS BIYAYA**

Dahil sa kakaibang karanasan ng mahihirap (kung ikukumpara sa mga may kaya) marami sa kanilang gawi o mga desisyon ay hindi maintindihan ng iba (ng may kaya, ng middle class). Pangunahin na dito ang dalawang madalas na puna sa kanila: Una, kulang na nga ang pera, bakit uunahin pang bumili ng TV kaysa itustos ang pera sa pagpapaaral sa anak? Pangalawa, Bakit uubusin ang lahat ng pera (kung minsa'y mangungutang pa) sa handaan sa piyesta o kasal o pabinyag tapos magtitiis buong taon? Maraming pang kahawig na sitwasyon ang dalawang bagay na ito.

Sa teorya ng Amerikanong psychologist na si Abraham Maslow sinabi niya na ang tao ay may hierarchy of needs. Ibig sabihin, may mga pangangailangan ang tao na mas nauuna kay sa ibang pangangailangan. Una sa lahat ay ang biological o physiological needs – ang sagot sa gutom at pagkauhaw – pagkain at inumin at kasama na rin ang damit at bahay na matutuluyan.

Kasunod nito ang safety needs -- upang maging ligtas sa kapahamakan -- pagkakaroon ng kapaligran na ligtas sa sakuna, krimen; pakiramdam na alam niya ang mangyayari sa mundo kinabukasan – ibig sabihin, hindi basta-basta mawawalan ng trabaho.

Kasunod ng physiological at safety needs ay ang belongingness at love needs – na may nagmamahal at minamahal, may kinabibilangang grupong tanggap siya. Kasama na dito ang pag-iwas sa pag-iisa, kalungkutan at kawalang-kabuluhan ng buhay. Saka lamang susunod ang esteem needs o mga pangangailangan sa pagpapahalaga sa sarili, sa kakayahan, sa mga nagawang bagay, kalayaan, pangangailangan na kilalanin at igalang ng ibang tao.

Ang pinakamataas sa mga pangangailangan ayon kay Maslow ay ang self-actualization needs – ang pangangailangan na matupad ang hangganan ng makakaya ng isang tao; ang maipaglaban ang prinsipyo at paninindigan.

Ngunit hindi sinabi ni Maslow na kailangang matugunan nang lubos ang mga mas pangunahing need bago atupagin o bigyang pansin ang mas mataas na need.

Halimbawa na lang sa pagkain. Hindi kinakailangan na matugunan nang husto ang pangangailangan sa pagkain – balansyadong tanghalian o hapunan sa araw-araw bago maisip na bumili ng TV. Ang etika o values ng middle class ay magdidikta ng ganito – huwag mabuhay ng labis sa iyong kakayahan. At dahil sa mulat ang middle class, halimbawa, sa kung ano ang mga kailangang sustansya sa katawan, sisikapin ng magulang (bagamat hindi lahat) na matugunang mabuti ang pagkain – hindi basta-bastang pagkain, kundi ang masustansyang pagkain at maaari niyang isakripisyo ang ilang bagay upang matugunan ito. Ngunit hindi nangangahulugang ganito rin ang pag-iisip ng isang mahirap.

Matapos magkaroon ng "laman-tiyan", posible at madalas siguro na maghahanap siya ng pampalubag loob sa kanyang kahirapan – alak, sugal, manood ng sine o TV upang

makalimot sa maraming problema.  Sa totoo lang, hindi nagiging isyu ang masustanyang pagkain sa mahihirap.  Ang isyu sa kanila ay kung may makakain, kung may pang laman sa tiyan.  At kung ating papansinin, makikita natin na ang average height at weight ng mga taga-"iskwater" ay may malaking agwat sa mga etsudyante ng Ateneo at La Salle.  Ang dahilan dito ay sapagkat nag-a-adjust ang katawan ng mga taga-iskwater – sanay sa kaunti at kulang sa sustanyang pagkain – kaya nagiging mas magaan at mas maliit sila.

Pati siguro ang average IQ nila ay may malaking pagkakaiba, muli, hindi dahil sa ipinanganak na bobo ang taga-iskwater at matalino ang mga estudyante ng La Salle at Ateneo kungdi dahil sa kapaligiran.  Ang IQ ng mga tao ay "normally distributed" sa buong populasyon bagamat apektado na rin ng mga kalagayan at karanasan ng mga magulang.  Ngunit ang nais nating ipakita ay ganito:  Kung kukuha tayo ng isang bagong panganak na taga-iskwater at ipapagpapalit natin sa isang bagong panganak mula sa Wack Wack, magkakabaligtad din ang kanilang kapalaran – pananalita, kalusugan, talino, atbp.  Patunay lamang na napakalaki ng kinalaman ng kapaligiran sa kanilang kapalaran.

Mabalik tayo sa isyu ng "TV sa iskwater".  Bakit uunahin ang TV kaysa tama at masustansyang pagkain?  Ang sagot dito ay karugtong na rin ng sagot sa tanong tungkol sa karangyaan kung piyesta o binyag kapalit ng pagdurusa sa buong taon.

Mahalaga ang isang TV set sa buhay ng isang mahirap.  Marami itong papel kung tutuusin.  Ang popularidad ng mga game show (na nagbibigay ng daan-libong pisong premyo halos araw-araw ) sa mga pantanghaling programa ng dalawang pinakamalaking istasyon ng TV (ABS-CBN at GMA) ay patunay sa kahalagahan na ito.  Ang mga programang ito ay dinudumog ng mga tao sa studio na gustong manalo ng limpak-limpak na salapi.  Tuwang-tuwa ang mga isponsor ng mga pakontest na ito dahil sa talagang lumalaki nang husto ang benta ng kanilang mga produkto. Sa katunayan, ibinebenta na sa may gate ng istasyon ng TV ang mga wrapper o kahon ng sabon, noodles, gatas at iba pang produkto na siyang kailangang ipadala upang makasali at manalo sa mga kontest na ito.

Aliw at pagtakas pa rin ang pangunahing hatid ng TV.  Ngunit may pagkakaiba ang kalidad ng mga programang tinatangkilik ng masa kung ikukumpara sa mga programang gusto ng middle at upper class.  Madalas ireklamo ng mga middle at upper classes na walang kwenta ang mga lokal na palabas sa TV at  mga pelikula.  Masyado raw mababaw, corny, baduy, atbp. – mapakomedi, drama o aksyon.  Ang mangilan-ngilan na "magaganda" at makabuluhang pelikulang Pilipino o palabas sa TV (para sa kanila) ay hindi pa kumikita.

Hirap itong maintindihan kahit na ng maraming taga-UP o Ateneo,  may Ph. D. pa man din ang iba sa kanila, sa simpleng dahilang hindi tinitingnan ang bagay na ito mula sa punto de bista ng masa.  Gusto ng masa ang katatawanang Pinoy na may kasama pang batukan; o di kaya'y mga telenobelang may bidang inaapi nang buong mundo.

Gusto ng masa ang Home Along da riles,  ang mga telenobela.  Ang gusto kasi ng masa ay makalimot sa kanyang mga problema – pera, trabaho, bahay.

Gusto ng elite ang mga imported na programang katulad ng Friends, X-files, Oprah, Melrose Place. Sa wika pa lamang nagkatalo na. Ngunit pati sa nilalaman ay may pagkakaiba rin dahil hindi na basta pera o bahay o trabaho ang problema ng middle class at upper class. Ang problema ay kung papano magkakaroon ng mas maraming pera, mas maraming damit, mas malaki at magandang bahay. Ganito siguro ang gsuto rin ng masa sa Amerika na may malawak na middle class kaya tugma siya sa middle at upper classes dito sa atin. Ibig rin sabihin, may pagkakaiba ang masa sa Amerika at masa sa Pilipinas.

Ngunit bukod sa aliw at pagtakas sa mga problema, ang pagkakaroon ng telebisyon ay may koneksyon sa isang bagay na napaka-importante sa sinumang tao, lalong-lalo na sa taong maraming problema. Ang tinutukoy natin ay ang self-esteem o pagtingin sa sarili. “Kahit na mahirap kami, kahit na nasa iskwater kami, may color TV kami.” Sa pamamagitan ng TV o iba pang gamit, nadarama nilang kabilang sila sa komunidad. Napapanood nila ang napapanood ng iba. Samakatuwid, sa puntong ito ay kapantay nila ang ibang mas nakakaangat sa kanila. Ibig sabihin, kung hihiramin natin ang islogan ng GMA, “we belong”. Hindi nagmumukhang kawawa. Ito rin ang dahilan kung bakit magpapatugtog ng stereo ng malakas na dinig na dinig ng kapitbahay.

Dito nahahawig ang papel ng pagkakaroon ng TV sa iskwater sa bonggang paghahanda sa mga okasyong katulad ng piyesta o kasalan. Hindi lahat ng mahihirap ay nagagawa ito. Pero, para doon sa ilang na nakakayanan pa, napakalaki ng naitutulong nito upang magkaroon ng prestige o pagkilala na lubhang mahalaga sa maraming tao. Mahaba ang kasaysayan ng ganitong mga kinagawian sa kasaysayan ng mga sinaunang lipunan at tribu.

Para sa karamihan, ang sasabihin ng kapitbahay, ang impresyon ng mga kaibigan ay lubhang mahalaga, aminin man o hindi. Self-esteem at self-worth pa rin ang pinag-uusapan dito. Ang magkaroon ng mga bagay na meron ang iba ay isang matibay na patunay na ikaw ay may halaga. “Hindi baleng kulang ang pagkain ko o tuyo lang ang ulam ko, napanood ko rin ang napanood ng mayamang litson ang ulam.” Hindi na masyadong masama ang loob sa mundo.

Ang masa, katulad ng lahat ng mamamayan ay mga konsumer ng mass media. Hindi lamang sa mga komersyal na tuwirang nagbebenta ng mga produkto, ang mga palabas mismo at istorya mismo sa radyo, dyaryo at higit lalo sa TV ay siyang pangunahing pinagkukunan nila ng impormasyon sa damit, mga gamit, pagkain, bisyo at iba pa. Kaya ginagaya nila ang pananamit, ang ayos ng mga sikat na artista. Kaya madalas na ginagawang taga-endorso ng mga consumer products ang mga artista. Kaya mas bibili pa ng Coke kaysa gatas o masustansyang pagkain.

At kung hindi mabili ang mga orig na Levi’s o Guess, nariyan naman ang mga kahawig nitong produkto o di kaya’y mga pekeng Levi’s at Guess. At dahil may TV na rin, pwede na ring pag-ipunan ang pekeng Sony na VCD player tutal ang daming pirated na CD at videoke disks. “Bakit ba, ang mayayaman lang ba ang marunong kumanta? Saan ba nanggaling si Nora Aunor?”

Kaya kung tutuusin, ang tinutugunan ng pagkain at pinakapayak na damit at tirahan ay ang pisikal lamang na survival ng tao – ang hayop na bahagi ng tao.  Ang sasabihin o pagtingin ng kapwa ang siyang tumutugon sa pagiging tao natin – tao na naiiba sa ibang mga hayop.  Ito ang "social animal" sa atin.

Kung paano ang pagtinginn sa atin ng iba, ang pagkilala at pagtanggap nila sa atin sa kanilang mga grupo – ito ang pinakamahalaga sa pagiging tao ng karamihan sa atin. ( Ang mga taong mas "developed" – ang mga self-actualizers ni Maslow ay nakaigpaw na sa mga sasabihin ng ibang tao at handa pa ngang makulong o mamatay maipaglaban lang ang kanilang mga paniniwala.)

Ang usapin ng self-esteem at self worth ay importante rin sa middle class o sa elite ngunit iba ang tindi nito sa mahihirap dahil umaabot na sa pisikal na survival ang isyu.  Sa hanay ng mga mahihirap, marami ang bumibigay kapag nagpatong-patong ang problema. (Kamalasan kung ituring ng iba.) Marami ang nalululong sa bisyo. Nagiging kriminal. Nagpapalimos. O nasisiraan ng bait.

(Ibig bang sabihin na kapag nawala ang kahirapan, mawawala na rin itong mga problemang ito?  Siyempre hindi.  Pero marami sa mga taong mapapariwara sana ay sa halip magkakaroon ng mas magandang landas.)

## INDIBIDWAL AT KAPWA

Sa mga pagsusuri sa ating kultura at lipunan, hindi miminsang nababanggit ang tungkol sa pagiging malapit sa isa't isa ng mga Pilipino– mga pamilya at angkan na matibay ang ugnayan – close knit family.  Ang labis na popularidad ng texting sa Pilipinas ay masasabing isang manipestasyon o ebidensya ng ating kagustuhang makipag-ugnayan lagi sa ating kapwa, lalo na sa mga taong malapit sa atin.  Nawalay man sa syudad dahil sa trabaho, dahil sa trapik, nagawan ng paraan ng texting na muling mabuo at mapatibay ang mga ugnayang mahalaga sa atin.

Ang pagiging hospitable ng mga Pilipino, kahit sa mga dayo at estranghero  ay kilalang-kilala.  Kaugnay nito, nababanggit din ang pagkakaroon pa sa atin ng sinasabing therapeutic community.  Ito raw ang dahilan kung bakit hindi pa uso sa Pilipinas ang mga psychiatrist.  May matatakbuhan pa ang karaniwang Pinoy kung siya ay may problema – pinansyal man o emosyunal.  Ito ay mga kamag-anak o kaibigan at pamilya nito – na handang kumopkop sa nangangailangan.

Sa panulat ni Virgilio Enriquez na siyang nagsulong ng Sikolohoyang Pilipino, sinabi niya na ang **kapwa** ang siyang core concept sa pagkatao ng Pilipino.  Naiiba ito sa mas indibidwalistikong personalidad sa kanluran.  Mas pinapahalagahan daw ng Pilipino ang kapwa – ang sarili niya kaugnay ng iba kay sa pansariling kakanyahan katulad ng personalidad o pagkatao ng mga taga-kanluran.

Marahil dulot ng industriyalisasyon at modernisasyon sa mga bansang katulad ng Amerika ang pagiging indibidwalista nila. Marahil may kaugnayan ang kawalan ng mabilis na pag-unlad at pagbabago sa ating lipunan ang pananatili ng ating pagiging malapit sa ating mga kapwa. Anuman ang dahilan, ang katangiang ito ay lalo pang tumitingkad sa masang mahihirap na kung minsan ay sasabihin nila na ang kanilang pakisama ay siyang kayamanan nila.

## MABUTING KAIBIGAN, MASAMANG KAAWAY

Isang mahalagang value sa masa ang pakisama at ang iba pang kaakibat nito katulad ng matinding loyalty sa tao o grupong mararamdaman nilang nagmalasakit sa kanila.

Ang isang mahirap,(kung ikukumpara sa isang middle class o upper class) dahil na rin siguro sa kalagayan niya sa buhay, ay mas malamang na itataya ang kanyang buhay para sa kanyang mabait na boss kapag dumating ang pagkakataong kailangang ipagtanggol itong boss na ito. Patay kung patay, wika nga. Hindi mangingiming kumasa.

Ito marahil ang bahagi ng paliwanag sa tapang at galit na ipinakita ng mga mahihirap na lumusob sa Malakanyang noong Mayo 1, 2001. Ginatungan ng mga politiko sa EDSA, itinuro ang elite na kaaway at nang-aapi sa kanila, nilusob nila ang Malakanyang, patay kung patay.

Siguro kinakailangan ng kaunting paliwanag tungkol kay Erap at ang EDSA 3.

Ang EDSA 3 hanggang sa paglusob sa Malakanyang noong Mayo 1 ay dulot ng maraming mga bagay na nagpatong-patong.

Dahil na rin sa kanyang ginagampanang papel sa pelikula bilang tagapagtanggol ng mga api, maraming mahihirap ang naniwala kay Erap lalo pa't kinakantyawan siya ng elite na bobo dahil lamang sa mahina siyang mag-ingles. Ang popularidad ni Erap sa pelikula ay naging puhunan niya. Pero marami pang pagpupunyaging ginawa si Erap upang makamit ang napakalaking boto noong eleksyon ng 1998.

Hindi katulad ng ibang kandidato sa pagkapangulo, inikot ni Erap ang lahat ng sulok ng Pilipinas at pinuntahan ang masa, makipagkamay man lamang. Nagsimula siyang gawin ito may kung ilang taon pa bago mag-eleksyon. Kanyang hinarap, kinausap ang lahat ng uri ng tao at siya siguro ang may pinakamaraming nakamayang Pilipino sa lahat ng suklok ng kapuluan. Pinuntahan niya ang bawat KBL – kasal, binyag, libing.

Dahil na rin sa matagal na paghihirap, mga kinimkim na sama ng loob, tumaya na ang masa dito sa isang politiko na mukhang magbibigay ng solusyon sa kanilang mga problema. Ito ang nakarating sa kanila. Ito ang nagsasabi na para sa mahirap. Hinahamak pa nga ng elite. At siguro, wala namang iba pa.

Wala namang kandidato na talagang galing sa mahirap o nahihinuha nilang para sa kanila. Kasabay ng islogan na Erap para sa mahirap, at nang pang-aalipusta ng elite kay Erap, nakapag-identify ang marami sa kanila. Underdog mentality.

Nang presidente na si Erap, mas lalo pa ngang lumala ang sitwasyon ng mahihirap ngunit hindi nawalan ng pag-asa ang hindi organisadong masa (dahil wala naman silang ibang maasahan) sa kabila ng pagbatikos ng organisadong masa at iba pang sektor sa kahungkagan ng mga programang pinangangalandakan ni Erap.

At sumabog nga ang iskandalo sa Jueteng at nabunyag ang matitinding katiwalian ni Erap. Ngunit ang talagang nagalit nang husto kay Erap at nagtipon-tipon sa EDSA noong Enero ay ang elite na matagal nang ayaw kay Erap. Bagamat may kasama mula sa hanay ng masa – ang organisadong masa na nakikita ang kahungkagan ng administrasyon ni Erap – maliit na bahagi ito ng masa. Ang hindi organisadong masa ( o ang mga kasapi sa mga grupong relihiyosong may mga lider na pulitikong lumalaro kay Erap) ay tahimik na nagmamasid. Hindi ang anomalya ni Erap ang nakita nila. Ang nakita nila ay ang mga elitistang pinagkakaisahan ang underdog na kanilang kakampi na si Erap at gusto na namang wasakin ang kanilang pag-asa. "Eto na naman itong mga elitista, ginigipit na naman tayo."

Dahil na rin sa mga oposisyong sinamantala ang sitwasyon para sa eleksyon, nagre-ak nang husto ang masa sa overacting na pag-aresto kay Erap at sa pagyurak sa pagkatao ni Erap sa pamamagitan ng mug shots na ipinakita sa TV. Samantalang tuwang-tuwa ang middle class, ang mga negosyante at elitista sa Makati at Ortigas, iba ang dating ng mga larawan sa telebisyon sa masa.

Pakiramdam ng masa, eto na naman ang mga elitista, inaalipusta na naman tayo, hinahamak nang husto ang ating pagkatao. Mas masahol pa sa pisikal na parusa. Ang pag-aresto kay Erap at pagpapahiya sa ginawang mug shots sa kanya ay matinding dagok sa pagkatao, sa kaluluwa ng masa. Nawala ang isyu ng katiwalaan, ng krimen na dapat imbestigahan. Nagmistulang class war.

Bakit hindi pinansin ng masa ang mga akusasyon kay Erap? Hindi ito ang pinagtuunan nila ng pansin dahil hindi nila makita ang pantay-pantay na pagpataw ng hustisya. Bakit si Erap lang? Papano si Ramos na marami ring kaso? Bakit hindi siya kinakasuhan at ikinukulong? At ang iba pang mga magnanakaw sa gobyerno? Ang dating sa kanila, si Erap ay pinagdidiskitahan ng mga elitista dahil siya ay kakampi ng masa.

Nakakainis kung tutuusin dahil itong si Erap na hindi makatagal sa isang lugar na walang airconditioning, na napakahilig sa mga mamahaling alak, sapatos, sasakyan at kung anu-ano pa, ay magiging rallying figure ng masang naghihikahos.

Ano ang gustong ipahiwatig ng EDSA 3 at Mayo 1? Dito makikita natin ang ilang bagay. Unang-una, matindi ang sitwasyon ng masa – hindi lamang kahirapan kungdi pati ang mga hinanakit nila dito sa kanilang bayan – partikular na sa mga elitistang

namumuno at nagpapatakbo ng gobyerno at iba pang institusyon. Sa pakiramdam nila, palagi silang iniipit, inaapi at hindi nabibigyan ng pagkakataon.

Pangalawa, dahil na rin sa hindi nga sila organisado at walang mahusay na kakayahang mag-analisa ng mga pwersa sa lipunan, pwedeng-pwede silang magamit ng kung sinong pwersang may kung anong binabalak.

Pangatlo, kitang-kita natin na kakaiba ang tapang at sakripisyong kaya nilang ibigay para sa bagay na papanigan nila. Nakakapanghinayang itong energy na ito kung hindi mapupunta sa mabuti, o mas malala pa, kung sa magamit lamang ng ilang pulitiko dyan.

**PAPANO NA?**

Ano nga ba ang saykoloji ng masa? Ang masa ay hindi tamad. Wala lamang reinforcement sa kanyang pagpupunyagi. Ang masa ay hindi bobo, hindi lamang siya nabibigyan ng sapat na opotrtunidad.

Ang masa ay tao rin katulad nating lahat. Ngunit huwag nating iisipin na ang magiging reaksyon niya sa mga bagay-bagay ay pareho ng reaksyon ng lahat. Iba ang sitwasyon nila kaya nag-iiba rin ang mga reaksyon nila. Kahit sa kasaysayan, iba ang naging takbo ng buhay nila.

Kung nais natin unawain ang masa, may mga pundamental na bagay na dapat gawin. Una, makinig nang may bukas na isipan. Huwag na munang ipataw ang mga pamantayan sa sarili – mga pamantayang burgis at elitista.

Kasunod nito, sikaping tingnan ang mga bagay-bagay mula sa kanilang punto de bista. Subukang unawaing mabuti ang kanyang sitwasyon, kinalalagyan, mga konsiderasyon sa buhay, atbp.

Pangatlo, kung gustong tulungan ang masa, pwede ba, tanungin muna sila kung ano ang gusto nila. Hindi simpleng proseso ito dahil marami sa mga marginalized na tao ay hindi articulate. Hindi nila maihayag ang talagang gusto nila. Namanipula na sila ng mass media, ng mga pulitiko. Nagkaraoon na ng tinatawag na false consciousness at warped sense of values, Pero ang taong talagang sinsero sa pagtulong ay magtitiyaga na hanapin at pakinggan ang nais niyang sabihin – kanyang mga mithiin sa buhay.

Pang-apat, kung may balak na gawin para sa masa (dapat nabuo ito mula sa proseso ng pakikiisa sa kanila) pwede ba, isama sila sa paggawa nito. Napakahalaga ng proseso ng pagbuo ng proyekto, pagdating sa bagay na ito. Mas mahalaga pa siguro kay sa resultang proyekto. Halimbawa na lang, pagdating sa pabahay, sana naman ay matigil na yung mga ginagawang bahay na pinagkakitaan lang ng CREBA at pagkatapos ay hindi naman pala kayang bayaran ng masa kaya napunta na naman sa middle class. Tapos bumawi naman, gumawa ng talagang murang bahay pero ang resulta ay bahay ng kalapati na kahit na kalapati ay ayaw tirhan. Pero kumita na naman ang mga taga-CREBA!

Ang konsepto ng bahay ng middle class at ng upper class ay kakaiba sa konsepto ng bahay ng masa.  Huwag nang magdunong-dunungan itong mga teknokrat.

Sa pangkalahatan, ang pinakamahalaga para sa gobyerno at mga grupong nais tumulong sa mahihirap ay ang bigyang dangal ang mahihirap.  Dito magsisimula ang lahat.